TALA NG EDITOR

# Sa Loob at Labas ng Aklatan Nating Sawi, Kaliluha'y Siyang Nangyayaring Hari

**MICHAEL FRANCIS C. ANDRADA, PH.D.**

Halaw ang pamagat sa mga bersong "Sa loob at labas ng bayan kong sawi, / Kaliluha'y siyang nangyayaring hari" na matatagpuan sa mahabang tula na *Pinagdaanang Buhay ni Florante at ni Laura sa kahariang Albania, kinuha sa madlang "cuadro historico" o pinturang nagsasabi sa mga nangyayari nang unang panahon sa imperio ng Grecia at tinula ng isang matuwain sa bersong Tagalog* ni Francisco Balagtas. Mas kilala ngayon sa maigsing pamagat na *Florante at Laura*, isinulat ni Balagtas ang nasabing tula habang nakapiit siya sa Maynila noong panahon ng kolonyalismong Kastila sa Pilipinas. Pinaniniwalaan din na nagsilbing inspirasyon sa sariling pagsusulat ni Jose Rizal ang Florante at Laura at na bitbit niya ang kopya nito sa kaniyang pakikipagsapalaran sa Europa. Kinikilala ang Florante at Laura bilang awit-tula na naglalarawan ng kawalan ng kalayaan sa bansa, tumutuligsa sa karahasan ng naghaharing uri at sa bulok na sistema ng pamamahala, at naghihikayat na labanan ang mananakop at manunupil.

Kung gayon, dapat bang tanggalin sa mga aklatan ang lahat ng kopya ng Florante at Laura? Mapanganib ba ito para sa mga kabataan at mag-aaral?

Habang abala ang maraming aklatan sa pangangalap ng mga libro at halos mamalimos na para sa donasyong mga aklat – at habang maraming paaralan at bayan ang walang sariling silid-aklatan – iniutos ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) na "linisin" ang mga aklatan – tanggalin ang itinuturing nitong "mapanganib" sa mga mag-aaral. Sa gitna ng paghahanap ng mga materyal para sa pagtuturo at sa gitna ng pagsisikhay ng mga manunulat na makalikha ng mga akda at aklat na magagamit sa pag-aaral sa panahon ng pandemya, nagdeklara ng bago-ngunit-lumang giyera ang pamahalaang Duterte sa mga silid-aklatan, lingkod-aklatan, at manunulat-mamamayan. Ito ang giyera laban sa akademikong kalayaan.

Noong plano pa lamang ng gobyerno ni G. Rodrigo R. Duterte na ipasa ang teroristang batas nito, na nagkukubli sa pangalang "Anti-Terrorism Act of 2020" o Batas Republika 11479, pinangambahan na ng maraming guro ng kasaysayan, agham pampolitika, humanidades, batas, Filipino, at panitikan ang atake nito sa akademikong kalayaan. Matibay ang dahilan ng pangambang dulot ng teroristang batas. Sino mang kakalaban o kritikal sa pamahalaan ay awtomatikong ituturing na "terorista." Sa seksiyon 9 ng nasabing batas, anumang uri ng talumpati, proklamasyon, at sulatin na nananawagan ng paglaban sa pamahalaan ay ituturing na terorismo, kung kaya't ang mga manunulat at iskolar na nagsusulat o nananaliksik tungkol sa mga itinuturing ng pamahalaan bilang teroristang indibidwal at organisasyon ay maituturing ding terorista, kahit walang direktang partisipasyon sa teroristang gawain. At kung ang manunulat, mananaliksik o guro ay empleado o opisyal ng gobyerno, gagawaran siya ng administratibong kaso na "grave misconduct" at/o "disloyalty to the Republic of the Philippines

and the Filipino people," tatanggalin sa serbisyo, kakanselahin ang civil service eligibility, at hindi makukuha ang benepisyo ng pagreretiro, ayon sa seksiyon 15 ng batas.

Malinaw na atake sa kalayaan sa paghahayag, kalayaan sa pananaliksik at pagsusulat, akademikong kalayaan, at kalayaan sa kritikal na pagsusuri't pag-iisip ang militaristang hakbang na ito ng NTF-ELCAC at ng teroristang batas. Pinalulubha pa ito ng pagkatig ng mismong Tagapangulo ng Commission on Higher Education (CHED) sa kaniyang pagtaguri sa pagtatanggal ng mga "subersibong" libro mula sa mga aklatan ng tatlong state university (Aklan State University, Isabela State University, at Kalinga State University) bilang "ehersisyo sa akademikong kalayaan," gayong napakalinaw na ito'y pagtalima sa kautusan ng NTF-ELCAC na supilin ang akademikong kalayaan sa pamamagitan ng "pagpupurga" sa mga aklatan.

Inasinta rin ng pinakamataas na opisyal ng CHED ang pamunuan ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman (UP Diliman) sa paghikayat ng huli sa kapwa state universities at colleges (SUCs) na tuligsain at labanan ang pagpapatanggal ng NTF-ELCAC sa mga "subersibong" aklat. Kagitla-gitla rin na ang pamunuan ng isang kampus ng Unibersidad ng Pilipinas sa silangan ay "nakipagpulong" at nag-"photo ops" pa sa rehiyonal na mga opisyal ng NTF-ELCAC, na nagbigay ng mga "donasyong libro" na ibinabandila nitong "hindi mapanganib" at "karapat-dapat" sa silid-aklatan. Daskol pa ng mga panatiko ng pasistang administrasyon, nararapat na tanggalin sa mga silid-aklatan, ilayo sa kabataan, at sunugin ang mga "subersibong aklat" upang wala nang maimpluwensiyahan.

Ang ganitong pagpupurga sa mga aklatan ay malinaw na atake sa akademikong kalayaan, isang iniingatan, iginagalang, at ibinabandilang prinsipyo't paninindigan na nakadambana mismo sa Saligang Batas ng bansa, at matatagpuan din sa UP Charter (Batas Republika Blg. 9500) at sa Higher Education Act of 1994 (Batas Republika Blg. 7722). Nakasaad sa mga batas na sa lahat ng panahon at lunan, imperatibong itaguyod, payabungin, at ipagtanggol ang akademikong kalayaan upang mahusto ang intelektuwal na kaunlaran, maisulong ang pagkaalam, pagkatuto at pananaliksik, at mapagyaman ang pamumuno, kultura, at kasaysayan ng/sa bansa.

Sa loob man o sa labas ng aklatan, malinaw na sistematiko at marahas ang pag-atake sa akademikong kalayaan. Habang pinupurga ang mga aklatan, laging nakaamba ang panganib ng militaristang karahasan sa mga mananaliksik at manunulat. Sa karanasan ng Pilipinas, sa iba't ibang yugto ng kasaysayan, ang mga mananaliksik na inaalam ang buhay at pakikipagsapalaran ng mga magsasaka at katutubo sa kanayunan at ng mga manggagawa sa kalunsuran ay tinitiktikan, sinasampahan ng gawa-gawang kaso, tinatakot, sinasaktan, at pinapaslang. Ang mga manunulat, peryodista, alagad ng midya, at manggagawang pangkultura na nakikipamuhay sa batayang mga sektor at inaalam, inaadhika, at isinusulat ang mga isyu at usaping panlipunan ay tinitiktikan, inaaresto, ikinukulong, tinotortyur, at dinarahas. Hindi sa aklatan nagsisimula ang pagpupurga. Sa labas ng aklatan, araw-araw, sa iba't ibang antas at danas, pinupurga ang manunulat, mananaliksik, at mamamayan. Sa loob at labas ng mga aklatan nating sawi, kaliluhan at karahasan ang silang nangyayaring hari.

Kung lilimiin, at kung babalikan ang kasaysayan, ang nagbabansag na mapanganib ang mga aklat ay sila mismong mapanganib: ang sensura ng kolonyal na pamahalaan ng mga Kastila noon, ang kolonyal na pamahalaan ng mga Amerikano noon, at ang mga pasistang rehimen tulad ng pamahalaang Duterte. Ang mga takot sa mga progresibong aklat ay silang naghahasik ng takot. Ang takot sa kritikal na akademikong kalayaan ay ang sistemang marahas ngunit mabuway at nangangatog.

Ngunit ang pananakot at pandarahas ay nagluluwal lamang ng tapang at paglaban. Sa pagbabasa nina Andres Bonifacio, Jose Rizal, at iba pang mga Katipunero at Propagandista, nalagom nila ang iba't ibang mapagpalayang kaisipan at inilapat ang mga maaaring ilapat para sa pagpapalaya ng bayan at mamamayan mula sa mga kolonyal na mananakop. Sa pagsusulat nina Gregoria de Jesus, Leona Florentino, Amado V. Hernandez, Aurelio Tolentino, Maria Lorena Barros, Lualhati Abreu, Kerima Lorena Tariman, at iba pang manunulat sa iba't ibang yugto ng kasaysayan ng bansa, buhay na kasaysayan ang pakikibaka ng mamamayan at bayan laban sa karahasan at pag-abuso sa kapangyarihan ng iilan at ng dayuhang mananakop, at para sa pag-adhika ng malaya at mapagpalayang lipunan.

Sa huli, ang lohikal na kongklusyon ng anumang pagbabawal, pananakot, pagpupurga, at pandarahas sa mamamayan-mananaliksik-manunulat ay tanging paglaban, paglaban, paglaban.